Filipino

Alamin kung paano lilikas

MGA RUTA NG PAGLIKAS SA BAHA SA HAWKESBURY-NEPEAN VALLEY

Ang mga pagbaha sa Hawkesbury-Nepean Valley ay maaaring mangyari nang may kaunting babala lang. Maaaring magkaroon ka lamang ng ilang oras para makalikas kasunod ng kautusang lumikas. Kailangan mong maging handa at alamin ang iyong mga ruta sa paglikas.

Pag-alam kung kailan at Paano lilikas

Ang Hawkesbury-Nepean Valley ay may mahabang kasaysayan ng mga nakapipinsala at mapanganib na baha. Kailangan mong sundin ang mga kautusan sa paglikas upang ikaw, ang iyong pamilya at mga alagang hayop ay manatiling ligtas. Kadalasan ay sasabihan kang lumikas bago mo pa man makita ng anumang palatandaan ng tubig-baha sa inyong lugar. Hindi ligtas na manatili at sumilong sa iyong tahanan sa sandaling ikaw ay inutusan nang lumikas.

Upang malaman ang tungkol sa mga kautusan sa paglikas at kung aling mga ruta ang bukas, makinig sa inyong lokal na radyo at ABC, o i-follow ang NSW SES Facebook, o NSW Police Facebook at Twitter.

Maging pamilyar sa mga ruta

May 12 itinakdang ruta sa paglikas na pinakamabilis at pinakaligtas na daan upang makalabas sa mga bahang-kapatagan (floodplains) ng Wallacia, Penrith-Emu Plains, Richmond-Windsor, South at Eastern Creek. (Tingnan ang mapa sa likod ng papel-kaalaman).

Kailangang higit pa sa isa ang nalalaman mong ruta dahil bawat pagbaha ay naiiba ang pagkilos at ang mga ruta sa paglikas ay mahaharangan ng tubig-baha sa iba't ibang mga bahagi. Ang ilang mga ruta ay maaaring maharangan nang mas maaga ng mga pagbaha na kung tutuusin ay maliliit lang. Halimbawa, ang maharangan ng baha ang Windsor Road ay may 98% tsansa na mangyayari sa isang 80-taong panahon ng buhay (kilala rin bilang 1 sa 20 tsansa sa bawat taon ng baha).

Kahit ang imprastraktura na kung tutuusin ay bago lang ay maaaring maapektuhan ng malalaking pagbaha. Ang maharangan ng baha ang Jim Anderson Bridge sa Windsor ay may 55% tsansa na mangyayari sa isang 80-taon panahon ng buhay (1 sa 100 na tsansa bawat taon ng baha).

Kapag alam mo na ang iyong pinakamabuting mga ruta, kausapin ang mga kaibigan o mga kamag-anak upang isaayos ang isang lugar na pupuntahan. Tandaan, dahil bawat baha ay naiiba, mahalagang sundin ang mga kautusan sa paglikas sa sandaling ibigay ang mga ito.

Sundin ang mga palatandaan

Mahigit 150 bagong mga palatandaan ng paglikas sa baha ang itinalaga sa buong Hawkesbury-Nepean Valley upang gabayan ang mga nagmamaneho. May ilang iba't ibang mga uri ng palatandaan, kabilang ang ilang mga nakatiklop na mga karatula na dinisenyo para buksan sa panahon ng emerhensiya sa baha upang magbigay ng dagdag na tagubilin sa mga nagmamaneho.

Mga palatandaan na gagabay sa mga tao sa panrehiyong mga ruta ng paglikas sa baha patungo sa mas ligtas na mga lugar.



Mga Ruta ng Paglikas sa Baha

Hawkesbury-Nepean Valley